
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ALL SUBJECTS |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 17 – 21, 2022 (WEEK 9-DAY1) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | MOTHER TONGUE-BASED | ARALING PANLIPUNAN | MATEMATIKA | MAPEH |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at sariling kakayahan,pangangalaga sa sariling kalusugan at pagiging mabuting kasapi ng pamilya. | The learner…<br>demonstrates understanding that words are made up of sounds and syllables.<br>Nasasabi na ang kalinisan ay kagandahan.<br>Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa tulong ng mga ilustrasyon, larawan at pakitang-kilos. | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili bilang Pilipino gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago. | The learner...<br>demonstrates understanding of whole numbers up to 100, ordinal numbers up to 10th, money up to PhP100 and fractions ½ and 1/4. | **The learner...**<br>demonstrates basic understanding of sound, silence and rhythm |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa nang may pagmamahal at pagmamalasakit ang anumang kilos at gawain na magpapasaya at magpapatibay sa ugnayan ng mga kasapi ng pamilya | The learner<br>uses knowledge of phonological skills to discriminate and manipulate sound patterns.<br>uses beginning oral language skills to communicate personal experiences, ideas, and feelings in different contexts. | Buong pagmamalaking nakapagsasalaysay ng kuwento tungkol sa sariling katangian at pagkakakilanlan bilang Pilipino sa malikhaing pamamaraan. | The learner...<br><br>is able to recognize, represent, and order whole numbers up to 100 and money up to PhP100 in various forms and contexts.<br><br>is able to recognize, and represent ordinal numbers up to 10th, in various forms and contexts. | **The learner...**<br>responds appropriately to the pulse of the sounds heard and performs with accuracy the rhythmic patterns |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>*Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | **EsP1PKP- Ii– 8**<br><br>Nakatutukoy ng mga kilos at gawain na nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa mga kasapi ng pamilya<br><br>Nagmamano o humahalik bilang pagbati | **MT1OL-Ia-j-1.1**<br>Talk about oneself and one's personal experiences (family, pet, favorite food)<br>**MT1PWR-Ib-j-1.1** Give the name and sound of each letter<br>**MT1PA-Id-i-4.2**<br>Say the new spoken word when two or more syllables are put together.<br>**MT1OL-Ie-i-5.1** Participate actively during story reading by making comments and asking questions. | **AP1NAT-Ii-13**<br>**Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga pangarap o ninanais para sa sarili**<br>**Kuwento: Lea Salonga** | **M1NS-Ij-19.1**<br><br>recognizes and compares coins and bills up to PhP100 and their notations. | Naipakikita ang lahat ng kagalingang kinakailangang matamo mula sa mga nakaraang modyul. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ***II. NILALAMAN*** | | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Curriculum Guide p.15 | Curriculum Guide p.28-30 | Pahina 67-72 | Curriculum Guide p.13 | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | Pahina 72-78 | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | larawan ng may simulang tunog na Bb/Uu , plaskard | | Tsart at larawan coins | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin. | Ipabasa ang Tandaan:<br>Ang tao ay may kakayahang magbasa at magsulat.<br>Ang **pagbabasa** at **pagsusulat** ay mga paraan<br>Upang maragdagan ang kaalaman. | Isulat ang nawawalang tunog ng bawat larawan.<br>1.  - ___kra<br>2.  - __lise<br>3.  - __to<br>4.  - __kis<br>5.  - __roplano | Paano mo mapapaunlad ang iyong kakayahan? | Ayusin ang mga bilang sa paparaming paraan:<br>34 67 12 50 70<br>Ayusin ang mga bilang sa papakonting paraan:<br>23 45 11 9 67 | Ano ang pagkaing nakukuha sa dagat o ilog? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Alamin<br>Ipakita ang larawan ng isang batang nagmamano.<br> | Paghahawan ng balakid:<br>natutuwa<br>bulaklak<br>nagulat<br>parke - larawan<br>naglalaro – pagsasakilos<br>  <br>  | Sino sa inyo ang nakapapanood ng The Voice Kids?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Gusto mong bumili ng kendi. Ano ang kailangan mo para makabili ka? Mahalaga ba ang pera sa atin?<br>Bakit? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin. | Ano ang ginagawa ng bata?<br>Bakit kaya niya ito ginagawa?<br>Ginagawa mo din ba ito? | Saan mo nais maglaro? Sa malinis o sa maruming bakuran? Bakit?<br> <br>  | Ipasuri sa mga bata ang mga lawaran ng mga sikat na personalidad sa pahina 72 ng LM | Ipakita ang iba't ibang uri ng barya (coins).<br>Ipatukoy sa mga bata ang bawat isa.<br>5c 10c 25c P1.00 P5.00 P10.00 | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Paano ninyo binabati ang inyong magulang kung dumarating kayo sa bahay? | Bakit kaya nagbago si Jose? | Ano –ano ang mga nais magawa, makamit o matupad ng mga mag-aaral na tulad ninyo sa sa inyong buhay? | Gamitin ang mga tunay na barya sa pagpapakilala sa mga bata.<br>Papiliin ng coin ang bata.<br>Ipakilala sa mga bata ang napili niyang barya.<br>Ito ay bilog at may nakaukit na bilang na 25.<br>Ito ay dalawampu't limang sentimos.<br>Sa English twenty-five centavos.<br>Isinusulat natin ito sa ganitong simbulo: 25c<br>Ang simbulong P naman para sa piso. | Ating pag-aralan ang isang larong awit tungkol sa alimango. Paano ba kumilos ang alimango?<br>Maglaro tayo gamit ang ating mga daliri sa kamay uapng ipakita ang galaw ng isang alimango habang umaawit ng Tong, Tong, Tong.<br>Tong , Tong, Tong<br>Tong , Tong, Tong<br>Pakitong-kitong<br>Alimango sa dagat<br>Malaki at masarap<br>Mahirap mahuli<br>Sapagkat nangangagat. |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Iparinig ang maikling kwento:<br>"Mano po, Itay, mano po, Inay," pagbati ni Mae pagdating niya galing sa paaralan.<br>"Kaawaan ka ng Diyos. Magpapakabait ka sana," halos sabay na wika ng kanyang ama at ina.<br>Pagkaumaga bago siya pumasok sa paaralan ay humahalik naman siya sa kanila habang nagpapaalam. | Kwento:<br>Bakit Nagbago si Jose"<br>Takot maligo si Jose. Ayaw niyang maglinis ng kanyang katawan.<br>Isang araw, namasyal siya sa parke. Nais niyang sumali sa mga batang naglalaro. Lumapit si Jose sa mga bata ngunit lumayo sila kay Jose. Nalungkot si Jose.<br>Pag-uwi sa bahay, tinanong siya ang kanyang nanay kung bakit siya malungkot. Pinayuhan siya ng kanyang nanay na dapat ay laging malinis siya. | | Ipakilala at ilarawan ang lahat ng uri ng barya upang makilala ng mga bata) | . Iparinig ang kumpas ng awit sa pamamagitan ng :<br>Pagtapik sa kandungan habang umaawit.<br><br>Aling salita ang may malakas na kumpas? |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment*) | Ano ang ginagawa ni Mae pagdating niya mula sa paaralan? | Sinu-sino ang mga tauhan sa kwento?<br>Saan naganap ang kwento? | Ilahad sa pisara ang sagot ng bata. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ano ang sagot sa kanya ng kanyang mga magulang?<br>Bago siya umalis ng bahay, ano naman ang ginagawa niya?<br>Mabuti ba ang kaugaliang ginagawa ni Mae? | Ano ang kinatatakutang gawin ni Jose?<br>Bakit siya nagbago? | Alin-alin sa mga paghahandang ito ang ginagawa mo? | | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Paano mo ipakikita ang iyong paggalang sa iyong magulang? | Pangkatang Gawain<br>Pangkat 1 (Katawan Ko): Iguhit ang katawan ng isang batang babae o lalake.<br>Pangkat 2 (Kumilos Tayo) Ipakita o isakilos ang tamang paglilinis ng katawan.<br>Pangkat 3 (Umawit Tayo):<br>Umawit ng awitin ukol sa paglilinis ng katawan.<br>Hal: Maghilamos ka na sana<br>At hugasan pati paa<br>Suklayin ang iyong buhok<br>At humanda sa pagpasok<br>Ang ngipin ay linisin<br>Ang kuko ay ay gupitin<br>Ang damit ay ayusin.<br>Nang gumanda sa paningin.<br>Pangkat 4 (Iingatan Ko):<br>Magsasabi ang bawat bata sa pangkat ng tamang pag-iingat | Ano ang nais mong maging paglaki mo? | Ipapakita ng guro ang mga barya. Sasabihin ng mga bata ang halaga nito. | Pangkatin ang mga bata (3 pangkat)<br>Ipaawit ang awit nang paulit-ulit. |
| H. Paglalahat ng Aralin | Tandaan:<br>Ang pagmamano o paghalik ay magalang na paraan ng pagbati na dapat nating ugaliin. | Ano ang aral sa ating kuwento? | Ano ang tawag sa mga bagay na nais mong makamit o matupad sa iyong buhay? | Ano ang simbulong ginagamit para sa barya?<br>Ano ang kahulugan ng c? P?<br><br>Tandaan: Sentimos (centavos) ang ginagamit na simbulo para sa barya. ( c)<br>Sa Pilipinas, mayroon tayong 5c, 10c, 25c,<br>Pesos naman para sa baryang P1.00, P5.00 at P10.00 | |
| I. Pagtataya ng Aralin | Lutasin:<br>A. Dumalaw kayo sa lolo at lola mo sa probinsiya. Sabik na sabik sila na makita kayo.<br>Paano mo sila babatiin upang | Ikahon ang tamang sagot.<br>1. Si Jose ay takot ( lumangoy, maligo, umakyat sa puno).<br>2. Isang araw namasyal si Jose sa ( mall, parke, zoo). | Pasagutan ang Gawain 2 ng pahina 74 ng LM | Pasalita: Kilalanin ang baryang ipapakita.<br>Sabihin ang halaga nito.<br>25c<br>10c<br>P1.00 | Presentasyon ng bawat pangkat.<br>Sagutin:<br>Paano mo ilalarawan ang presentasyon ng bawat pangkat? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ipakita na nasasabik din kayo sa kanila.<br>B. Nasa handaan kayo. Nakita mo doon ang tita mo. Ano ang gagawin mo? | 3. Gusto niyang (makipag-away, makipaglaro, makipag-asaran) sa mga bata sa parke.<br>4. Lumapit si Jose sa mga bata ngunit ( lumayo, yumakap, nagtakbuhan) ang mga bata kay Jose.<br>5. Ang ( guro, lola, ina) ni Jose ang nagpayo sa kanya na maging malinis palagi. | | 5c<br>P5.00 | |
| J. Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Isaulo ang tula.<br>Humanda sa pagtula sa harap ng klase bukas.<br>Mga magulang ay batiin.<br>Sa umaga pagkagising.<br>Ang pagpapaalam<br>At paghalik sa kamay<br>Tanda ng batang<br>Tunay na magalang. | Buuin ang Tugma;<br>Ang kalinisan ay<br>____________________. | | Gumawa ng coin rubbing sa inyong notebook bilang 5 para sa halimbawa ng mga barya na ginagamit sa Pilipinas. | |
| ***IV. Mga Tala*** | | | | | |
| ***V. PAGNINILAY*** | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.* | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.* | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |